# ARALIN 64

1. Kung ang isang tao ay may lahat ng kayamanan sa mundo, matutulungan kaya siya ng kaniyang kayamanan kung siya ay mapupunta sa Lawa ng Apoy?
-Hindi.

2. Maililigtas ba tayo ng mga ari-arian mula sa kasalanan, kamatayan, at kay Satanas?
-Hindi.

3. Ano ang nangyari sa mayamang magsasaka?
-Tinawag siya ng Diyos na mamatay.

4. Sino ang magpapasya sa araw kung kailan mamamatay ang lahat ng tao?
-Ang Diyos lamang.

5. Kahit na ang mayamang magsasaka ay may malaking yaman, ano ang wala sa kanya?
-Buhay na walang hanggan.

6. Ano ang higit na mas mahalaga kaysa sa malaking kayamanan?
-Pananampalataya sa Diyos at pagkakaroon ng buhay na walang hanggan.

7. Paano natin malalaman na ang kuwento ng mayaman at ni Lazarus ay totoong kwento?
-Dahil ang dalawang lalaking ito ay talagang nabuhay sa lupa.

8. Kapag namatay ang isang tao, saan napupunta ang kanyang espiritu?



-Alinman na dumiretso na makasama ang Diyos sa langit o diretso sa impiyerno, ang lugar ng apoy at kaparusahan.

9. Mayroon bang naghihintay na lugar sa pagitan ng lupa at langit?
-Wala.

10. Una, ano ang itinanong ng mayaman kay Abraham?
-Hiniling niya kay Abraham na ipadala si Lazarus na pumaroon at isawsaw ang dulo ng kanyang daliri sa tubig upang malamigan ang kanyang dila.

11. Para sa lahat ng mga tumatangging maniwala sa Diyos, saan sila pupunta kapag namatay sila?
-Sa impiyerno, ang lugar ng apoy at kaparusahan.

12. Para sa lahat ng naniniwala sa Diyos, saan sila pupunta kapag namatay sila?
-Upang makasama ang Diyos sa langit.

13. Magagawa ba ng sinumang pumasok sa lugar ng kaparusahan na umalis?
-Hindi.

14. Pangalawa, ano ang itinanong ng mayaman kay Abraham?
-Gusto ng taong mayaman na kausapin ni Lazarus ang kanyang mga kapatid upang hindi nila kailangang magdusa sa lugar ng apoy at parusa.

15. Ano ang sinabi ni Abraham sa mayaman kung ano ang dapat gawin ng kanyang mga kapatid?

-Na dapat nilang basahin at pakinggan ang Salita ng Diyos sa Bibliya.

16. Kung hindi tayo makikinig at maniniwala sa Salita ng Diyos, ay may iba pa bang makakapagligtas sa atin?
-Wala.

-Bakit sinabi ni Jesus na Siya ay naparito sa mundo?

Basahin natin ang Marcos 10:45

45-[Sinabi ni Jesus] "Sapagkat maging ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay na pantubos sa marami."

-Naparito ba si Jesus sa mundo upang tayo ay maglingkod para sa Kanya upang magkaroon ng daan patungo sa langit?

-Hindi.

-Hindi hinihiling ni Jesus na tayo'y magbigay ng anuman sa Kanya.

-Hindi hinihiling ni Jesus na tayo'y gumawa ng anuman para sa Kanya.

-Si Jesus ay Diyos, at hindi nangangailangan ng anuman.
-Si Jesus ay Diyos, at nasa kanya ang lahat ng kailangan Niya.

-Si Jesus ay hindi naparito sa mundo upang ang mga tao ay maglingkod sa Kanya.



-Ano ang sinabi ni Jesus kung bakit Siya naparito sa mundo?

-Upang paglingkuran ang mga tao, at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa maraming tao.

-Nang si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay umalis sa lungsod ng Jerico, nakilala nila ang isang bulag na pulubi.

Basahin natin ang Marcos 10:46

46-At dumating sila sa Jerico. Habang nililisan niya ang Jerico, kasama ang kanyang mga alagad at ng napakaraming tao, isang pulubing bulag, si Bartimeo na anak ni Timeo, ay nakaupo sa tabi ng daan.

-Ano ang pangalan ng bulag na pulubi?
-Bartimeo.

-Paano ang pagkabulag ni Bartimeo ang nagpapaalala sa lahat ng mga tao?

-Kung paanong si Bartimeo ay bulag, lahat ng tao ay ipinanganak na bulag.

-Paano lahat ng tao ay ipinanganak na bulag?

-Dahil sinuway nina Adan at Eba ang Diyos, sila ay nabulag sa Diyos.

-Dahil sinuway nina Adan at Eba ang Diyos, sila ay nabulag sa mga katotohanan ng Diyos.

-Dahil lahat ng tao ay ipinanganak nina Adan at Eba, lahat ng tao ay ipinanganak na bulag sa Diyos.

-Dahil lahat ng tao ay ipinanganak nina Adan at Eba, lahat ng tao ay ipinanganak na bulag sa mga katotohanan ng Diyos.

-Kung paanong si Bartimeo ay hindi nakakakita, gayon din tayo ay hindi nakakakita sa mga katotohanan ng Diyos.

-Nagawa ba ni Bartimeo ang lahat ng kanyang makakaya para makakita muli?
-Hindi.

-Nagagawa ba ng mga tao ang anumang bagay sa kanilang sarili upang Makita ang mga katotohanan ng Diyos?
-Hindi.

-Kung paanong si Bartimeo ay walang magawa sa kanyang sarili na makakita muli, kaya lahat ng tao ay walang magagawa sa kanilang sarili upang makita ang mga katotohanan ng Diyos.

-Sino lamang ang tumulong kay Bartimeo na makakita muli?
-Jesus.

-Sino lamang ang kayang tumulong sa lahat ng tao na makakita muli?
-Jesus.

-Kung paanong si Jesus lamang ang tumulong kay Bartimeo na makakita muli, kaya si Jesus lamang ang makakatulong sa ating isipan na makita at maunawaan ang mga katotohanan ng Diyos.



-Ano ang itinawag ni Bartimeo kay Jesus?

Basahin natin ang Marcos 10:47

47-Nang marinig niya na iyon ay si Jesus na taga-Nazaret, nagsimula siyang magsisigaw at magsabi, “Jesus, Anak ni David, mahabag ka sa akin!”

-Ano ang tawag ni Bartimeo kay Jesus?
-Ang Anak ni David.

-Bakit tinawag ni Bartimeo si Jesus na Anak ni David?

-Dahil si Jesus ay nagmula sa angkan ni Haring David na ipinangako ng Diyos na magiging Tagapagligtas.

-Alam ni Bartimeo na hindi niya kayang tulungan ang kanyang sarili.

-Alam ni Bartimeo na ang tanging makakatulong sa kanya ay si Jesus.

-Dahil narinig ni Bartimeo ang mga dakilang himala na iyon na nagawa na ni Jesus, tinawag niya si Jesus na tulungan siya.

-Hiniling ni Bartimeo kay Jesus na kaawaan siya.

-Alam ni Bartimeo na hindi siya nararapat na gumaling.

-Alam ni Bartimeo na hindi niya kayang magbayad para gumaling.

-Alam ni Bartimeo na kung pagalingin siya ni Jesus, ito ay magiging libreng regalo mula sa Diyos.

-Lahat tayo ay katulad ni Bartimeo.

-Dahil tayo ay nagkasala, hindi tayo nararapat na gumaling.

-Dahil ang parusa sa kasalanan ay kamatayan, hindi natin kayang bayaran upang gumaling.

-Kung tayo ay gumaling, ito ay isang libreng regalo mula sa Diyos lamang.

-Ano ang sinabi ng mga tao nang marinig nilang tumawag si Bartimeo kay Jesus?

Basahin natin ang Marcos 10:48

48-At sinaway siya ng marami na siya'y tumahimik, ngunit siya'y lalong nagsisigaw, "Anak ni David, mahabag ka sa akin!"

-Bakit sinaway ng mga tao si Bartimeo at sinabi sa kanya na tumahimik?

-Akala ng mga tao na ayaw tumulong ni Jesus sa mahirap, bulag na pulubi.

-Totoo bang ayaw tumulong ni Jesus sa isang mahirap, bulag na pulubi?
-Hindi.

-Nais bang tulungan ni Jesus ang isang mahirap, bulag na pulubi?



-Oo.

-Nais ni Jesus na tulungan ang bawat tao.

-Bagaman sinaway ng mga tao si Bartimeo at sinabi sa kanya na tumahimik, si Bartimeo ay patuloy na tumatawag kay Jesus.

-Dahil si Bartimeo ay patuloy na tumatawag kay Jesus, si Jesus tumawag sa kanya.

Basahin natin ang Marcos 10:49

49-Tumigil si Jesus at sinabi, "Tawagin ninyo siya." Tinawag nila ang lalaking bulag na sinasabi sa kanya, "Matuwa ka. Tumayo ka; tinatawag ka niya."

-Kahit mahirap at bulag si Bartimeo, nagmamalasakit ba si Jesus para sa kanya?
-Oo.

-Ang Diyos ba ay nagmamalasakit sa lahat ng tao?
-Oo.

-Bawat tao ay mahalaga sa Diyos.

-Maliit man tayo o matangkad, mahalaga tayo sa Diyos.
-Itim man tayo o puti, mahalaga tayo sa Diyos.

-Mayaman man tayo o mahirap, mahalaga tayo sa Diyos.

-Malusog man tayo o may sakit, mahalaga tayo sa Diyos.

-Marami man tayong karunungan o wala, mahalaga tayo sa Diyos.

-Mahal ba ng Diyos ang bawat tao, at gustong iligtas ang lahat ang mga tao?
-Oo.

-Ano ang ginawa ni Bartimeo nang tawagin siya ni Jesus?

Basahin natin ang Marcos 10:50-52

50-Pagkahagis sa kanyang balabal, nagmamadali siyang tumayo at lumapit kay Jesus.
51-Pagkatapos sinabi sa kanya ni Jesus, "Ano ang ibig mong gawin ko para sa iyo?" Sinabi ng lalaking bulag, "Rabboni, ibig kong muling makakita."
52-Sinabi sa kanya ni Jesus, "Humayo ka, pinagaling ka ng iyong pananampalataya." Agad na nagbalik ang kanyang paningin at siya'y sumunod sa kanya sa daan.

-Noon di'y nakakita siyang muli, at sumunod kay Jesus.

-Ano ang nais ni Bartimeo na gawin ni Jesus para sa kanya?
-Nais ni Bartimeo na tulungan siya ni Jesus na makakita muli.

-Nakatulong ba si Jesus kay Bartimeo na makakita muli?
-Oo.

-Naniniwala ba si Bartimeo na tinulungan siya ni Jesus na makakita muli?
-Oo.

-Tinulungan ba ni Jesus si Bartimeo na makakita muli?



-Oo.

-Sinabi ni Jesus na dahil naniwala si Bartimeo, si Bartimeo ngayon ay nakakita na.

-Agad na ibinigay ni Jesus kay Bartimeo ang kakayahang makakita.

-Sino lamang ang nakakatulong kay Bartimeo makita ulit?
-Jesus.

-Si Jesus lamang ang tumulong sa isang bulag na makakita.

-Dahil nilikha ng Diyos tayong lahat, ang Diyos lamang ang kayang tumulong sa atin upang makita.

-Habang si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay malapit na sa Jerusalem, ibinigay ni Jesus SA Kanyang mga alagad ang isang utos.

Basahin natin ang Marcos 11:1-6

1-Nang malapit na sila sa Jerusalem, sa may Betfage at Betania, malapit sa bundok ng mga Olibo, sinugo ni Jesus ang dalawa sa kanyang mga alagad,
2-At sa kanila'y sinabi, "Pumunta kayo sa nayong nasa tapat ninyo at kaagad sa inyong pagpasok doon ay matatagpuan ninyo ang isang nakataling batang asno na hindi pa nasasakyan ng tao. Kalagan at kunin ninyo iyon.
3-At kung may magsabi sa inyo, 'Bakit ninyo ginagawa ito?' sabihin ninyo, 'Kailangan ito ng Panginoon' at ipadadala niya agad rito."

4-Umalis sila at kanilang natagpuan ang batang asno na nakatali sa pintuan sa labas ng lansangan. At kinalagan nila ito.

5-Ang ilan sa nakatayo roon ay nagsabi sa kanila, “Anong ginagawa ninyo na inyong kinakalagan ang batang asno?”

6-At sinabi nila sa kanila ang sinabi ni Jesus at kanilang pinayagan sila.

-Ano ang iniutos ni Jesus sa dalawa Niyang alagad?

-Pumunta sa susunod na nayon, kalasin ang isang asno, at dalhin ito kay Jesus.

-Ninanakaw ba ni Jesus ang asno?
-Hindi.

-Sinabi ni Jesus sa mga disipulo na sabihin sa mga tao na ibabalik nila ang asno.

-Kaya’t ang dalawang alagad ay pumunta sa kasunod na nayon, natagpuan ang asno, at dinala ito kay Jesus.

-Nang bumalik ang mga alagad kasama ang asno, ano ang nangyari?

Basahin natin ang Marcos 11:7-10

7-Pagkatapos, dinala nila ang batang asno kay Jesus at inilagay nila sa ibabaw ng batang asno ang kanilang mga balabal at siya’y sumakay rito.

8-Maraming tao ang naglatag ng kanilang balabal sa daan at ang iba’y naglatag ng mga sanga na kanilang pinutol mula sa mga bukid.



9-Ang mga nauuna at ang mga sumusunod ay nagsisigawan, “Hosana! Mapalad ang dumarating sa pangalan ng Panginoon!

10-Mapalad ang dumarating na kaharian ng ating amang si David! Hosana sa kataas-taasan!”

-Si Jesus ay nakasakay sa asno, at pumunta sa lungsod ng Jerusalem.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta, pumasok si Jesus sa Jerusalem sakay ng isang asno

-Habang si Jesus ay sumakay papunta sa Jerusalem, ang mga tao ay nagsaya para sa Kanya.

-Bakit nagsaya ang mga tao para kay Jesus at nagsalita tungkol sa pagdating ng kaharian ni David?

-Sapagkat inakala ng mga tao na si Jesus ay darating upang magligtas sa kanila mula sa pamumuno ng mga Romano.

-Pumunta ba si Jesus sa Jerusalem upang iligtas ang mga tao sa pamamahala ng mga Romano?

-Hindi.

-Bakit pumunta si Jesus sa Jerusalem?

-Nagpunta si Jesus upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas.